DepEd Advisory No. 473, s. 2013
November 4, 2013
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff as well as the concerned public
(Visit *www.deped.gov.ph*)

SEMINAR-WORKSYAP SA PAGBUO NG LEARNING MATERIAL PARA SA MOTHER TONGUE-BASED-MULTILINGUAL, MAGKUWENTO TAYO!

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at ang Philippine Cultural Education Program ng National Commission for Culture and the Arts (PCEP-NCCA) ay magsasagawa ng Seminar-Worksyap sa Pagbuo ng Learning Material para sa Mother-Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) na may pamagat na *Magkuwento Tayo!*

Ang layunin ng Seminar-Worksyap ay upang makatulong sa paglikha ng mahusay na mga learning material na magagamit sa Mother-Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE).

Ang Seminar-Worksyap ay dalawang araw na pag-aaral kung paano sumulat ng mahusay na kuwentong pambata at kung paano ito lalagyan ng angkop na ilustrasyon. Ito ay libreng ibibigay para sa mga piling guro, kawani ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), o mga manunulat at artist sa mga lalawigan at rehiyon.

Ang dibisyon o rehiyong interesado sa gawaing ito ay kailangang pumili ng 15 manunulat at 15 artist para makabuo ng isang seminar-workshop. Kailangan ding sagutin ng lalawigan o rehiyon ang gastos sa transportasyon, pagkain, at akomodasyon ng mga mapipiling kalahok.

Sa kabilang dako, ang mga gastos sa paglalakbay, pagkain, at akomodasyon ng dalawang resource speaker at ilang katulong sa pagpapatupad ng seminar-worksyap ay sasagutin ng pondo mula sa PCEP-NCCA.

Ang mga guro, kawani ng DepEd at mga manunulat at artist ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro na mula pampubliko at pampribadong paaralan ay naaayon sa *no-disruption-of classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaring makipagugnayan kay:

Bb. Kriscell Labor
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2F Watson Building 1610 J.P. Laurel Stree
Malacañang, San Miguel, Maynila
Telepono Blg. (02) 733-7260; (02) 736-2519; (02) 734-5447
Email Address: tantiyado@gmail.com
Website Address: www.kwf.gov.ph

Madel: Magkuwento Tayo
0957-October 10, 2013